




# Tungkol sa paraan ng pagrehistro para sa Disaster Prevention Information Mail sa siyudad ng Hiroshima

-  Bumalik sa regular na pahina
-  Iprinta ang pahinang ito

Bilang pagsuporta sa mga hakbang na ginagawa ng mga mamamayan sa pagtugon sa panganib na dala ng kalamidad, isinasagawa ng siyudad ng Hiroshima ang **pagpapadala sa mahalagang emergency information na maaaring pakinabangan ng lahat tulad ng pahayag sa paglisan at iba pang impormasyon kaugnay sa disaster prevention sa pamamagitan ng email** sa mga mobile phones o personal computers na ipinarehistro para sa serbisyo. (\*Ipinapadala ang impormasyon sa wikang Hapon)

<< Paglagay ng karagdagang function para sa simpleng rehistrasyon >>



Mula sa Enero 28, 2016, idinagdag ang “[かんたん登録](#)” (Simpleng Rehistrasyon) upang gawing simple at maikli ang paraan ng pagrehistro.

Pakitingnan [dito](#)  ang impormasyong ipinapadala, na awtomatikong itinatakda sa paggamit ng “[かんたん登録](#)” (Simpleng Rehistrasyon).

- \* Bagama't libre ang paggamit ng sistemang ito, may bukod na singil para sa data communications na ginagamit sa pagtanggap ng mga mensahe.
- \* Ang pahayag at kanselasyon ng [special warning](#), na inumpisahan ng Japan Meteorological Agency noong Agosto 30, 2013 (Biyernes), ay ipapadala bilang emergency information sa lahat ng mga nakarehistrong miyembro. (Subalit, hindi kasali ang “flash bulletin sa pagdating ng lindol” at “babala sa pagsabog ng bulkan”, na nabibilang sa special warning.)

Mga pangunahing impormasyon na ipinapadala

Kategorya	Pagtanggap	Halimbawa ng impormasyong ipinapadala
<p><a href="#"><u>Impormasyon ukol sa emerhensiya</u></a></p>		<p><b>Paghahanda para sa paglisan at pag-umpisa sa paglisan ng mga matatanda at iba pa, pahayag sa paglisan, pag-uutos sa paglisan (madalian)</b> at iba pa</p> <p>Special warning na ipinahayag sa siyudad ng Hiroshima (malakas na ulan, hangin o niyebe (snow storm), matinding buhos ng niyebe, tsunami, pagtaas ng tubig sa dagat) Special warning (babala sa pagdating ng malaking tsunami) na ipinahayag sa Hiroshima Prefecture</p>
<p><a href="#"><u>Mahalagang impormasyon</u></a></p>		<p>Mahalagang impormasyon ukol sa natural na kalamidad, mga insidente, aksidente at iba pa</p>
<p><a href="#"><u>Impormasyon ukol sa pagtatag o pagtanggap ng task force para sa pagtugon sa kalamidad</u></a></p>		<p>Impormasyon ukol sa pagtatag o pagtanggap ng task force para sa pag-iingat o pagtugon sa kalamidad sa siyudad (distrito) ng Hiroshima</p>
<p><a href="#"><u>Impormasyon ukol sa pagpiqil sa krimen</u></a></p>		<p>Impormasyon mula sa himpilan ng pulisya sa siyudad ng Hiroshima ukol sa mga kahina-hinalang tao, krimen at iba pa</p>
<p><a href="#"><u>Impormasyon ukol sa lagay ng panahon</u></a></p>		<p>Impormasyong ipinahayag sa siyudad ng Hiroshima kaugnay sa mga babala o alarma ukol sa lagay ng panahon, <b>impormasyong humihimok sa pag-iingat sa pagguho ng lupa</b></p> <p>Impormasyong ipinahayag sa siyudad ng Hiroshima ukol sa nakakatawag-pansing pagbuhos ng ulan (torrential rain) sa maikling panahon at babala sa pagkakaroon ng buhawi</p>
<p><a href="#"><u>Impormasyon ukol sa lindol at tsunami</u></a></p>		<p>Impormasyon ukol sa lindol na natuklasan sa timog-kanlurang bahagi ng Hiroshima Prefecture na nasa seismic intensity 3 at higit pa</p>

		Impormasyon ukol sa <b>babala, alarma sa pagdating ng tsunami</b> na ipinahayag sa Hiroshima Prefecture
<a href="#"><u>Pagtantiya sa pagbaha sa mga ilog</u></a>		Impormasyon ukol sa ipinahayag na pagtantiya sa pag-apaw ng tubig mula sa ilog na dumadaan sa siyudad ng Hiroshima na maaaring maging sanhi ng pagbaha (Babala, pag-iingat na dapat gawin at iba pa sa pagkakaroon ng baha)
<b>Pagtantiya sa magiging lagay ng panahon</b>		Pagtantiya sa lagay ng panahon sa bahaging timog ng Hiroshima Prefecture



Impormasyong kailangang tanggapin




Impormasyong maaaring piliin

## Paraan ng pagrehistro

---

### (1) Magpadala ng blankong email sa mail address na ginagamit sa pagrehistro.



Kung nais magparehistro, magpadala ng blankong email (walang pamagat at walang nilalaman) sa mail address na ginagamit sa pagrehistro mula sa mobile phone o personal computer na nais gamitin sa pagtanggap ng impormasyon.

\*Ang disaster information mail mula sa siyudad ng Hiroshima ay ipapadala mula sa sumusunod na email address:

[info@k-bousai.city.hiroshima.jp](mailto:info@k-bousai.city.hiroshima.jp)

Kung may junk-mail filtering ang ginagamit na email software, siguruhing ayusin ang mail setting upang magawang tanggapin ang disaster information mail mula sa siyudad ng Hiroshima.

(Pakikumpirma [dito](#) ang paraan sa paggawa ng mail setting.)

**Email address para sa pagrehistro**  
[entry@k-bousai.city.hiroshima.jp](mailto:entry@k-bousai.city.hiroshima.jp)

Kung ang gamit na mobile phone ay nakakabasa ng two-dimensional bar code, maaaring gamitin ang QR code na nasa kanan para kunin ang email address na gagamitin sa pagrehistro.




### (2) Pindutin (o i-click) ang URL na nakasulat sa natanggap ng email at pumunta sa website na ginagamit sa pagrehistro.

[\\*Kapag hindi makakonekta sa website na ginagamit sa pagrehistro:](#)




(3) Pakipindot ang “同意する”, pagkatapos kumpirmahin ang nilalaman ng mga kondisyon sa paggamit.




Pakipindot ang “同意する”.

(4) Piliin ang paraan ng pagrehistro at pindutin ang “次へ”. Sa “かんたん登録” (Simpleng Rehistrasyon), nagagawang magparehistro sa kaunting hakbang lamang.)




Pakipindot ang “次へ”.

\*1 Maaaring piliin ang “Simpleng Rehistrasyon” sa initial setting.

\*2 Pakitingnan dito  ang impormasyong ipinapadala sa pamamagitan ng automatic setting function ng “Simpleng Rehistrasyon”.


\*3 Gamitin ang “Advanced Setting” upang piliin lamang ang impormasyong nais iparehistro (pero kailangang tanggapin ang emergency information).

**(5) Pakipili ang distritong padadalhan ng impormasyon at pindutin ang “tumuloy sa susunod”.  
(Maaaring pumili ng ilang distrito)**



Pakipindot ang “次へ”.

**(6) Pakikumpirma ang nilalaman ng ginawang draft para sa rehistrasyon at pagkatapos ay pindutin ang “Rehistro”.**



Pakipindot ang  
“登録”.

(Nakumpleto na  
ang lahat ng  
proseso sa  
pagrehistro.)

Kung nais baguhin ang impormasyong ipinarehistro o di kaya'y ikansela ang rehistrasyon matapos makumpleto ang mga pamamaraan, maaaring magpadala uli ng blangkong email sa mail address na ginamit sa pagrehistro upang umpisahan ang prosesong nais gawin.

\* Nasa ibaba ang link para sa website kaugnay sa sistema ng pamamahagi ng impormasyon ukol sa kalamidad sa pamamagitan ng email.

<http://www.k-bousai.city.hiroshima.jp>

**Pindutin ang link sa ibaba para kumpirmahin ang impormasyong ipinamahagi sa kasalukuyan.**

[ Sistema ng pamamahagi ng impormasyon ukol sa kalamidad sa pamamagitan ng email sa siyudad ng Hiroshima ] <http://www.k-bousai.city.hiroshima.jp/>

**Crisis Management Office, Disaster Counter-measures Division**